


<p>Kagawaran ng Hustisya ng California DIBISYON NA NAGPAPATUPAD NG BATAS Luis Lopez, Acting Chief</p> 	<h1>INFORMATION BULLETIN</h1>	
<p><i>Paksa:</i></p> <p>Bago at Naamendohang mga Batas para sa mga Baril/Armas</p>	<p><i>No.</i></p> <p>2024-DLE-02</p>	<p><i>Impormasyon ng Kontak:</i></p> <p>Kawanihan ng mga Baril (Bureau of Firearms) (916) 210-2300</p>
	<p><i>Petsa:</i></p> <p>03/01/2024</p>	

PARA SA: LAHAT NG AHENSIYA NG CRIMINAL JUSTICE AT NAGPAPATUPAD NG BATAS SA CALIFORNIA, CENTRALIZED NA LISTAHAN NG MGA DEALER NG BARIL, MANUFACTURER, EXEMPT FEDERAL FIREARMS LICENSE, AT CALIFORNIA AMMUNITION VENDORS.

Ang bulletin na ito ay nagbibigay ng maikling buod ng mga panukalang batas sa mga baril/armas ng California na nilagdaan bilang batas noong 2023. Nagbibigay din ang bulletin na ito ng buod ng mga panukalang batas na nilagdaan bilang batas bago ang 2023 na ipapatupad sa 2024.

Ang bulletin na ito ay para makapagbigay lamang ng impormasyon. Dahil ito ay isang buod, hindi nito saklaw ang lahat ng aspeto ng mga panukalang batas na tinutukoy sa ibaba. Maaaring ma-access ang buong teksto ng mga panukalang batas sa: <https://leginfo.legislature.ca.gov/>. Ang Department of Justice ay tatawaging “ang Departamento.”

MGA PANUKALANG BATAS NA NILAGDAAN BILANG BATAS NOONG 2023

Mga Assembly Bill (AB)

AB 28 (Stats. 2023, ch. 231) – Mga baril at bala: excise tax

Ipatatupad sa Hulyo 1, 2024

- Nagpapataw ng 11% na excise tax sa kabuuang resibo mula sa retail na pagbebenta ng mga baril, mga piyesa ng precursor ng baril, at mga bala.
- Itinatatag ang Gun Violence Prevention at School Safety Fund sa loob ng State Treasury. Ang mga pondong nakolekta alinsunod sa bagong excise tax ay idedeposito sa pondong ito at ilalaan sa tinukoy na pagpigil sa karahasan sa baril, kalusugan ng isip, nagpapatupad ng batas, at mga programa ng serbisyo para sa biktima.
- Nag-aatas sa mga nagbebenta ng baril at bala na magkaroon ng wastong sertipiko ng pagpaparehistro na inisyu ng California Department of Tax and Fee Administration alinsunod sa seksyon 36036 ng Revenue and Taxation Code.

AB 92 (Stats. 2023, ch. 232) – Body armor: pagbabawal

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Ginagawang misdemeanor na pagkakasala para sa isang taong bawal magkaroon ng sariling baril ang pagmamay-ari, pagkakaroon, o pagbili ng body armor.
- Nag-aatas na payuhan ng korte ang isang tao tungkol sa pagbabawal nila ng body armor kapag ipinapaalam sa kanila ang pagbabawal ng baril.

AB 97 (Stats. 2023, ch. 233) – Mga Baril: walang serial na baril

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Nag-aatas sa Departamento na kolektahin at iulat ang tungkol ng mga pag-aresto na nauugnay sa mga walang serial na baril hanggang Enero 1, 2033. Bukod sa iba pang bagay na iniulat ng Departamento, iulat nito ang bilang ng mga pag-aresto at ang disposisyon ng mga ginawang pag-aresto.
- Nag-aatas sa Departamento na mag-isyu ng isang ulat na nagtatampok sa mga nakuhang data tungkol sa mga walang serial na baril, magsisimula sa Hulyo 1, 2025, at taun-taon pagkatapos noon.

AB 301 (Stats. 2023, ch. 234) – Mga restraining order sa karahasan ng baril: body armor

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Pinahihintulutan ang korte na isaalang-alang ang ebidensya ng pagkuha ng body armor ng isang indibidwal kapag tinutukoy kung may mga batayan para sa pag-isyu ng Restraining Order sa Karahasan ng Baril.

AB 355 (Stats. 2023, ch. 235) – Mga baril: armas na pang-atake: eksepsyon para sa pagsasanay bilang peace officer

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Mga eksepsyon mula sa pangkalahatang pagbabawal sa pagbebenta, paglipat, o pagkakaroon ng armas na pang-atake, ang pagpapahiram ng armas na pang-atake, o ang pagkakaroon nito, ang isang taong naka-enroll sa kurso ng pangunahing pagsasanay na itinakda ng Commission on Peace Officer Standards and Training, habang kalahok sa pagsasanay sa mga baril at pinangangasiwaan ng isang tagapagturo ng baril.
- Ipinagbabawal ang pinahiram na assault weapon na ilabas sa pasilidad ng pagsasanay at nag-aatas na ang humiram sa armas na pang-atake ay dapat na kasalukuyang nagtatrabaho sa isang ahensiya ng nagpapatupad ng batas, gaya ng natukoy.

AB 455 (Stats. 2023, ch. 236) – Mga baril: mga pinagbabawalang tao

Ipatatupad sa Hulyo 1, 2024

- Pinapahintulutan ang prosekusyon sa isang kasong kriminal na humiling ng utos ng hukuman na nagbabawal sa isang kriminal na nasasakdal, na napapailalim sa pretrial diversion ayon sa seksyon 1001.36 ng Penal Code bilang resulta ng isang mental disorder, na magmay-ari o magkaroon ng baril dahil sila ay isang panganib sa kanilang sarili o sa iba hanggang sa matagumpay na makumpleto ang paglilipat o muling maibalik ang kanilang mga karapatan sa baril, gaya ng natukoy.

AB 574 (Stats. 2023, ch. 237) – Mga baril: mga rekord ng pagbebenta ng dealer

Ipapatupad sa Marso 1, 2025

- Nag-uutos na isama sa listahan o rekord ng pagbebenta ang pagkilala ng bumili o transferee na kumpirmadong pag-aari nila ang bawat baril na mayroon sila o hawak nila, sa loob ng huling 30 araw.

AB 724 (Stats. 2023, ch. 238) – Mga baril: mga materyales sa pagtuturo ng sertipiko ng kaligtasan

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Nag-aatas na ang mga materyales sa pagtuturo at pagsubok para sa Firearm Safety Certificate (Sertipiko ng Kaligtasan ng Baril) ay isalin sa tradisyonal na Chinese, pinasimpleng Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean, Dari, at Armenian.

AB 725 (Stats. 2023, ch. 239) – Mga baril: pag-uulat ng mga nawala at nakaw na baril

Ipapatupad sa Hulyo 1, 2026

- Pinapalawak ang kahulugan ng baril upang isama ang frame o receiver ng armas, kabilang ang parehong nakumpletong mga frame at receiver, o mga bahagi ng precursor ng baril sa mga probisyon na nangangailangan ng isang tao na mag-uulat ng anumang nawala o ninakaw na baril sa isang ahensyang nagpapatupad ng batas at nangangailangan sa ahensyang tumanggap ng naturang ulat upang maglagay ng paglalarawan ng nawala o ninakaw na baril sa Automated Firearms System ng Departamento.

AB 732 (Stats. 2023, ch. 240) – Mga krimen: pagsuko ng mga baril

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Inaamyendahan ang Proposition 63 sa pamamagitan ng pag-uutos na isauli ng isang nasasakdal na hindi nakakulong ang mga baril nito sa loob ng 48 oras.
- Nag-aatas sa isang opisyal ng probasyon na magbigay ng ulat sa abogado ng umuusig, bukod pa sa korte, kung ang nasasakdal ay sumunod sa kinakailangan na pagsasauli ng kanilang mga armas at maghain ng wastong papeles na nagbibigay ng patunay ng pagsuko.
- Nag-aatas sa korte, pagkatapos ng kahilingan para sa isang warrant, na mag-utos ng search warrant para sa paghahanap at pagbawi ng mga baril kung may probable cause na nagsasaad na hindi isinuko ng nasasakdal ang mga baril o pinahaba ang oras na kinakailangan para sa pagbibigay ng patunay ng

pagsuko ng baril hanggang 14 na araw para sa mabuting layunin. Karagdagang nag-aatas sa korte na isangguni ang usapin sa isang abogado ng umuusig at magtakda ng pagsusuri sa estado sa loob ng 14 araw kung kinakailangan ang karagdagang imbestigasyon.

- Tinatanggal ang pahintulot sa isang ahensyang nagpapatupad ng batas na ibenta ang baril na isinuko ng nasasakdal.
- Nag-aatas sa Departamento na magbigay ng access, sa pamamagitan ng isang elektronikong portal, sa mga lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas at mga abogado ng distrito sa impormasyon tungkol sa mga indibidwal na residente ng kanilang hurisdiksyon na nakalista sa Armed Prohibited Persons System (APPS) na hindi nagbigay ng patunay ng pagsuko nila ng mga baril na nakarehistro sa kanilang pangalan. Nag-uutos na ang bawat lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas ay magtalaga ng isang tao upang ma-access o matanggap ang impormasyong ito.
- Nag-aatas sa bawat lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas na mag-ulat kada apat na buwan sa Departamento tungkol sa mga hakbang na ginawa upang mapatotohanan na ang mga baril ay hindi na pag-aari ng mga indibidwal na naninirahan sa kanilang hurisdiksyon na nakalista sa APPS na hindi nagbigay ng patunay ng pagsuko nila sa baril.
- Nag-aatas sa Attorney General na itago at panatilihin ang kumpletong talaan ng mga ulat na isinumite sa Departamento alinsunod sa mga hakbang na ito.

AB 762 (Stats. 2023, ch. 241) – Programa ng Grant para sa Pangangasiwa at Pag-iwas sa Karahasan sa California

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Tinutukoy ang layunin ng Programa ng Grant para sa Pangangasiwa at Pag-iwas sa Karahasan sa California bilang pagsuporta sa mga pagsisikap ng komunidad sa pagpigil sa karahasan ng baril sa mga komunidad na naapektuhan ng karahasan ng baril.
- Pinapalawak ang Programa ng Grant para sa Pangangasiwa at Pag-iwas sa Karahasan sa California upang isama ang mga county na may isa o higit pang lungsod na apektado ng karahasan ng baril at nasasakupang mga tribo.
- Tinataasan ang maximum na limitasyon sa pagbibigay ng grant sa hanggang \$2,500,000 bawat taon at nagtatatag ng cycle ng grant na magtagal ng 3 taon.
- Nag-uutos sa lupon ng namamahala ng programa na magtatag ng executive steering committee na kinabibilangan ng mga tao mula sa mga miyembro nito na naapektuhan ng karahasan ng baril. Isasama rin sa komite ang Direktor ng Tanggapan ng Pag-iwas sa Karahasan ng Baril o ang nakatalagang kinatawan nito.

- Pinahihintulutan ang lupon na magreserba ng hanggang sa 5 porsiyento ng taunang inilalaang pondo nito para magbigay ng suporta sa mga inisyatiba at gawain na idinisenyo upang bumuo at panatilihin ang epektibong presensya sa mundo ng karahasan at pangangasiwa sa baril.
- Nagpapawalang-bisa sa dati nang itinatag na petsa ng pagpapawalang-bisa na Enero 25, 2025, na nangangahulugang hindi matatapos ang pagpapatakbo sa programang ito.

AB 818 (Stats. 2023, ch. 242) – Mga protective order

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Pinapalawak ang mga kasalukuyang probisyon na namamahala sa serbisyo ng temporary restraining order o emergency protective order na atasan ang mga opisyal na nagpapatupad ng batas na magbigay ng anumang domestic violence restraining order, kabilang ang kautusan pagkatapos ng paglilitis, sa mga natukoy na sitwasyon.
- Nag-aatas sa isang opisyal ng nagpapatupad ng batas na maghatid ng isang domestic violence restraining order (DVRO) o emergency protective order (EPO) kung ang opisyal ay nakatanggap ng kahilingan mula sa isang petitioner na magbigay ng utos o kung ang opisyal ay naroroon sa pinangyarihan ng isang iniulat na insidente ng domestic violence na kinasasangkutan ng mga indibidwal na mga partido sa utos ng korte, ngunit hindi kasama sa kinakailangang ito ang mga tinukoy na opisyal ng kapayapaan, kabilang ang mga opisyal ng parol at mga opisyal ng probasyon. Ipinagbabawal ng panukalang batas ang paniningil ng bayad sa isang petitioner para sa paghahain ng restraining o protective order.
- Nag-aatas sa mga opisyal ng kapayapaan na pansamantalang manatili sa kanila ang anumang baril o nakamamatay na armas na kitang-kita o natagpuan alinsunod sa isang pinagkasunduan o kung hindi man ayon sa batas na paghahanap para sa proteksyon ng mga opisyal ng kapayapaan at iba pang naroroon sa pinangyarihan ng isang kaganapan na kinasasangkutan ng isa sa mga sumusunod: domestic violence na may pagbabanta sa buhay ng tao o pisikal na pag-atake; paghahain ng isang protective order; o paghahain ng isang restraining order sa karahasan ng baril.
- Nag-aatas sa nagpapatupad ng batas na ipasok, o maging dahilan upang maipasok, ang isang baril sa Automated Firearms System kung ang baril ay nakuha sa pinangyarihan ng insidente ng domestic violence o sa panahon ng serbisyo ng mga tinukoy na order.

AB 1089 (Stats. 2023, ch. 243) – Mga Baril

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Binabago ang kasalukuyang batas na iatas sa sinumang gumagamit ng three-dimensional na printer o Computer Numerical Control (CNC) milling machine na gumawa ng baril na maging lisensyadong manufacturer ng estado.

- Ipinagbabawal ang pagbebenta, pagbili, pagmamay-ari o pagtanggap ng isang three-dimensional na printer o CNC milling machine na may nag-iisa o pangunahing layunin na gumawa ng mga baril ng sinuman sa estado maliban sa mga tagagawa ng baril na lisensyado ng estado.
- Sa seksyon 3273.50 ng Civil Code, pinalawak ang kahulugan ng mga produktong nauugnay sa baril upang maisama na ngayon ang ilang three-dimensional na printer at CNC milling machine na ibinebenta, ibinebenta bilang, o makatuwirang idinisenyo at nilayon na gamitin sa paggawa ng mga baril. Ang batas na ito ay nag-aatas sa mga indibidwal na nauugnay sa paggawa, pamamahagi, pag-import, o pagbebenta ng mga makinang ito na sumunod sa isang tukoy na pamantayan ng pag-uugali.
- Ang isang sibil na aksyon ay maaaring iharap laban sa isang indibidwal na nagbabahagi ng anumang code o digital na mga tagubilin para sa paggawa ng baril gamit ang isang three-dimensional na printer o CNC milling machine, o kung sinumang lumabag sa mga tinukoy na probisyon na may kaugnayan sa paggamit, pagbebenta, advertising, paglipat, pagmamay-ari, pagbili, o pagtanggap ng isang CNC milling machine o three-dimensional na printer.
- Pinapanagot ang isang indibidwal para sa anumang personal na pinsala o pinsala sa ari-arian, gaya ng tinukoy, dahil sa anumang baril na ginawa gamit ang ipinamahagi na code o ginawa ng isang CNC milling machine, three-dimensional na printer, o kaparehong makina.
- Pinahihintulutan ang Attorney General, isang abogado ng county, at mga abogado ng lungsod na magsampa ng aksyong humihingi ng injunctive relief at isang sibil na kaparusahan na hindi hihigit sa \$25,000 para sa bawat paglabag sa mga seksyon 3273.61, 3273.62 ng Civil Code at seksyon 29185 ng Penal Code.

AB 1406 (Stats. 2023, ch. 244) – Mga baril: mga panahon ng paghihintay

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Pinahihintulutan ang Departamento na humiling ng pagkaantala ng paghahatid ng baril kung kailangan ang karagdagang pananaliksik o rekord upang matukoy ang pagiging karapat-dapat ng mamimili na magkaroon ng baril.
- Pinahihintulutan ang Departamento na humiling ng pagkaantala ng paghahatid ng baril nang hanggang 30 araw kung ang isang emergency, gaya ng tinukoy, ay maging dahilan na hindi masuri ng Departamento ang mga rekord upang matukoy ang pagiging karapat-dapat ng isang mamimili na magkaroon ng baril bago matapos ang sampung- araw na panahon ng paghihintay.
- Nag-aatas na tanggihan ng Departamento ang tangkang pagbebenta o paglipat ng baril kung ang baril ay naiulat na ninakaw at ipaalam sa ahensyang nagpapatupad ng batas na ninakaw ang naiulat na baril. Nag-aatas sa dealer na nangangasiwa sa transaksyon na i-hold ang baril hanggang sa makuha ng ahensyang nagpapatupad ng batas ang baril mula sa dealer.
- Sinisimulan ang pagbabago sa mga pamamaraan para sa pag-abiso sa mga mamimili ng mga tinanggihan o naantala na mga background check.

AB 1420 (Stats. 2023, ch. 245) – Mga Baril

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Nagbibigay ng awtorisasyon sa Departamento na magsagawa ng mga inspeksyon at tasahin ang mga multa sa mga may hawak ng mga lisensyang magbenta, mag-arkila o maglipat ng mga baril para sa mga posibleng paglabag nila patungkol sa regulasyon ng mga lisensyang iyon, paglabag sa mga probisyon na kumokontrol sa pagbebenta ng mga secondhand na baril, at mga paglabag sa iba pang naaangkop na batas ng estado.
- Nag-aatas sa Departamento na panatilihin at ihanda ang bilang ng mga nagbebenta ng baril na lumabag sa anumang naaangkop na batas ng estado na may kaalaman o labis na kapabayaang.
- Nag-aatas na ang pagrehistro o talaan ng elektronikong paglipat ng baril na isama ang email address ng bumibili para sa mga transaksyon sa at pagkatapos ng Setyembre 1, 2025.

AB 1483 (Stats. 2023, ch. 246) – Mga baril: pagbili

Ipapatupad sa Enero 1, 2025

- Tinatanggal ang kasalukuyan eksepsyon sa transaksyon ng pribadong partido mula sa pagbabawal sa higit sa isang pagbili ng baril sa loob ng 30 araw.
- Gumagawa ng 30 araw na eksepsyon para sa anumang pribadong partido ng paglipat kung saan, sa oras ng transaksyon, ang nagbebenta ay nasa ilalim ng batas ng estado o sa pamamagitan ng utos ng hukuman na kailangan nitong isuko ang lahat ng baril niya.
- Gumagawa ng 30 araw na eksepsyon para sa mga pribadong partido ng paglipat kung saan naglipat ang nagbebenta ng mga baril dahil sa pagkamatay ng may-ari ng mga baril.

AB 1587 (Stats. 2023, ch. 247) – Mga pinansyal na transaksyon: mga mangangalakal ng baril

Ipapatupad sa Hulyo 1, 2024

- Nag-aatas sa mga network ng mga payment card na gawin ang merchant category code para sa mga may negosyo ng baril at bala, na itinatag ng Organization for Standardization noong Setyembre 9, 2022, at gawing available sa mga merchant acquirers na nagbabayad nga mga serbisyo para sa mga nangangalakal ng baril.

Ipapatupad sa Mayo 1, 2025

- Nag-aatas sa mga merchant acquirers na italaga sa mga mangangalakal ng baril ang nabanggit na code ng kategorya.
- Pinahihintulutan ang Attorney General na ipatupad ang mga probisyong ito at magsagawa ng sibil na aksyon para ipatupad ang mga probisyong ito at ayusin ang pinsalang dulot ng paglabag sa mga probisyong ito.
- Nag-aatas sa korte na tumutukoy na ang isang tao o entity ay lumabag sa mga probisyong ito na igawad ang tinukoy na relief, kabilang ang injunctive relief at isang sibil na parusa na nagkakahalaga ng \$10,000 para sa bawat paglabag.

AB 1598 (Stats. 2023, ch. 248) – Karahasan sa Baril: edukasyon sa kaligtasan ng baril

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Nag-aatas sa Departamento, sa susunod na regular na nakatakdang pag-update ng pagsubok sa Sertipiko ng Kaligtasan ng Baril, na i-update ang mga bagay na sinasaklaw ng pagsusulit upang isama ang mga dahilan at panganib ng pagmamay-ari ng baril at pagdadala ng baril sa bahay, kabilang ang tumaas na panganib ng pagpapakamatay, pagpatay, o hindi sinasadyang pinsala, at kasalukuyang batas na nauugnay sa pagiging karapat-dapat na magmay-ari o magkaroon ng baril, mga utos sa pagpigil sa karahasan ng baril, mga utos sa pagpigil sa domestic violence, at mga baril na pribadong nagawa.
- Nag-aatas sa Departamento na lumikha ng isang gabay sa pag-aaral ng Sertipiko sa Kaligtasan ng Baril—sa Ingles at Espanyol—na nagpapaliwanag sa impormasyong nasasaklaw sa pagsusulit. Dapat mag-alok ang Departamento ng mga kopya ng gabay sa pag-aaral sa aktwal na halaga sa Firearm Safety Instructors, na kinakailangang magbigay ng gabay sa pag-aaral sa isang aplikante para sa isang Firearm Safety Certificate bago ang petsa ng kanilang pagsusulit. Maaaring idagdag ng mga Firearm Safety Instructors ang halaga ng gabay sa pag-aaral, kung mayroon man, sa bayad na inilarawan sa seksyon 31650 ng Penal Code.

Ipapatupad sa Enero 1, 2025

- Nag-aatas sa Departamento na magdisenyo ng polyeto sa English, Spanish, traditional Chinese, simplified Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean, Dari, at Armenian na nagpapaliwanag sa mga dahilan at panganib ng at pagdadala ng baril sa bahay, kabilang ang mas mataas na panganib ng kamatayan sa isang tao sa sambahayan sa pamamagitan ng pagpapakamatay, pagpatay, o hindi sinasadyang pinsala. Dapat gawing available ng Departamento ang polyeto sa internet website nito.
- Nag-aatas sa mga lisensyadong nagbebenta ng baril na ibigay ang nabanggit na pamphlet sa mga bumibili ng baril at mga transferee, at sa mga taong pinapahiram ng baril.

Mga Panukalang Batas sa Senado (Senate Bills, SB)

AB 2 (Stats. 2023, ch. 249) – Mga Baril

*Ipapatupad sa Enero 1, 2024**

* Simula sa petsa ng bulletin na ito, naglabas ng isang bahagyang paunang utos tungkol sa SB 2 ang isang pederal na korte ng distrito, na nag-uutos sa nagpapatupad ng pagbabawal sa pagdadala ng mga nakatagong armas sa mga may hawak ng mga permit na magdala ng mga nakatagong armas sa mga sumusunod na lokasyong nakalista sa seksyon 26230 ng Penal Code ng California:

(7) Mga ospital, pasilidad sa kalusugan ng isip, nursing home, medikal na opisina, pasilidad ng agarang pangangalaga, at iba pang lugar kung saan karaniwang ibinibigay ang mga serbisyong medikal,

(8) Pampublikong transportasyon,

(9) Mga establishment kung saan ibinebenta ang nakalalasing na alak para inumin sa lugar,

(10) Pampublikong pagtitipon at Espesyal na kaganapan,

(11) Mga palaruan at pribadong sentro ng kabataan,

(12) Mga parke at pang-atletikong pasilidad,

(13) Ari-arian ng Department of Parks and Recreation at Department of Fish and Wildlife, maliban sa mga lugar kung saan nangangaso,

(15) Mga casino at establishment ng pagsusugal,

- Nag-aatas sa awtoridad sa paglilisensya na magbigay o mag-renew ng lisensya sa nakatagong pagdala kung ang aplikante ay hindi diskwalipikado at hindi bababa sa 21 taong gulang.
- Inaalis ang umiiral na magandang katangian at mga kinakailangan para sa mabuting layunin mula sa mga pamantayan upang mabigyan ng lisensya.
- Ang "diskwalipikadong tao", bukod sa iba pang bagay, ay isang taong maaaring maging panganib sa kanyang sarili, sa iba, o sa komunidad sa pangkalahatan.
- Nag-aatas na ang aplikante ng lisensya sa nakatagong pagdala ang nakatalang may-ari ng pistol, revolver, o iba pang baril kung saan ibibigay ang lisensya.
- Nagbibigay eksepsyon sa mga partikular na aplikante ng lisensya sa nakatagong pagdala na i-ulat ang address ng kanilang tirahan sa aplikasyon at sa halip ay pinapayagan silang magbigay ng address ng negosyo o alternatibong mailing address.
- Nag-aatas na ang kurso ng pagsasanay na kinakailangan para sa mga aplikante ng lisensya sa nakatagong pagdala na inisyu alinsunod sa mga seksyon 26150 o 26155 ng Penal na Kodigo ay ituro at pangasiwaan ng mga tagapagturo ng baril na sertipikado ng Departamento. Binabago rin ang mga kinakailangan sa pagsasanay para sa mga naturang aplikante sa pamamagitan ng, bukod sa iba pang mga bagay, kailangang ang kurso ay may tiyak na bilang ng mga oras ang haba at kailangang ang mga aplikante sa kurso ay pumasa sa isang pagsusulit na sulatin.
- Nag-aatas na mag-issue ang awtoridad sa paglilisensya ng paunawa sa aplikante ng lisensya sa nakatagong pagdala kung ang isang bagong lisensya o pag-renew ng lisensya ay tinanggihan o binawi. Kung ang isang aplikasyon ay tinanggihan o ang isang lisensya ay binawi batay sa isang pagpapasiya na ang aplikante ay isang diskwalipikadong tao, pinahihintulutan ng panukalang batas ang aplikante na humiling ng isang pagdinig upang kwestionin ang pagkakait o pagbawi ng lisensya, at nag-aatas sa awtoridad sa paglilisensya na ipaalam aplikante ang tungkol sa kakayahang humingi ng pagdinig. Kung ang isang bagong lisensya o pag-renew ng lisensya ay tinanggihan o binawi para sa anumang iba pang dahilan, pinahihintulutan ng panukalang batas ang aplikante na humingi ng writ of mandate mula sa isang nakatataas na korte sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang paunawa ng pagtanggap o pagbawi, at nag-aatas sa awtoridad sa paglilisensya na ipaalam sa aplikante na may kakayahan itong humingi ng writ of mandate.

(16) Mga stadium at arena,

(17) Mga pampublikong aklatan,

(19) Mga parke ng libangan,

(20) Mga zoo at museo,

(22) Mga simbahan, sinagoga, mosque, at iba pang lugar ng pagsamba,

(23) Mga pinansyal na institusyon, at

(26) Anumang establishment na pribadong komersyal na pag-aari na bukas sa publiko, maliban kung ang operator ay malinaw at kapansin-pansing naglagay ng isang karatula na nagpapahiwatig na pinahihintulutang magdala ng mga baril sa ari-arian ang mga may lisensya, gayundin sa mga paradahan ng bawat isa sa mga sensitibong lugar na natukoy sa SB 2 na inihayag na kasama ang paradahan ng mga lugar na iyon. Seksyon 26230 ng Penal Code ng Cal. Ang natitira sa SB 2 ay nagkabisa noong Enero 1, 2024 at nananatiling maipapatupad.

- Binabago ang isang umiiral na kinakailangan para sa ilang partikular na impormasyon na itatampok sa isang lisensya sa nakatagong pagdala upang dagdagan ang lisensya sa pagmamaneho o numero ng pagkakakilanlan ng isang may lisensya, mga fingerprint, at impormasyong nauugnay sa petsa ng pag-expire ng lisensya, bukod sa iba pang item. Inaalís din ng panukalang batas ang pangangailangan na ang kailangang idetalye ng isang lisensya ang maging dahilan ng paghiling ng lisensya para magdala ng baril.
- Nag-aatas sa isang awtoridad sa paglilisensya na magsumite ng mga imahe ng fingerprint at kaugnay na impormasyon sa Departamento para sa bawat aplikanteng nag-a-apply para sa isang lisensya sa pag-renew sa o pagkatapos ng Setyembre 1, 2026.
- Nag-aatas sa Departamento na abisuhan ang awtoridad sa paglilisensya kung hindi matiyak ng Departamento ang huling disposisyon ng isang pag-aresto o kasong kriminal sa ilalim ng batas ng estado o pederal na magbabawal sa tao na magkaroon, tumanggap, magmay-ari, o bumili ng baril, bukod sa iba pang bagay.
- Hinahayaan ang awtoridad sa paglilisensya na maningil ng karagdagang bayad sa pagproseso para sa halaga ng pag-renew ng lisensya. Pahihintulutan ang awtoridad sa paglilisensya na kolektahin ang unang 50% ng bayad para sa paghahain ng aplikasyon. Tinatanggal ng panukalang batas na ito ang pagbabawal sa isang awtoridad sa paglilisensya na nangangailangan ng mga karagdagang bayad o liability insurance.
- Pinahihintulutan ang Attorney General na baguhin ang karaniwang application form para sa mga lisensya sa nakatagong pagdala at ang pamantayan sa disenyo para sa isang pare-parehong lisensya kung hindi babaguhin ng komite ang form o mag-isyu ng bagong pamantayan sa disenyo sa loob ng tinukoy na yugto ng panahon.
- Ginagawang krimen ang pagdadala ng walang balang baril sa, o sa batayan ng, anumang tirahan ng Gobernador, sinumang iba pang opisyal ng konstitusyon, o Miyembro ng Lehislatura.
- Pinagbabawalan ang isang may lisensya sa nakatagong pagdala na magdala ng baril sa o papunta sa mga lokasyong tinukoy sa seksyon 26230 ng Penal Code, na may mga partikular na eksepsyon.
- Pinagbabawalan ang isang tao na sadyang magdala ng baril sa anumang gusali, real property, o paradahan sa ilalim ng kontrol ng airport o passenger vessel terminal, gaya ng tinukoy.
- Binabago ang eksepsyon para sa isang may lisensya sa nakatagong pagdala upang pahintulutan silang magdala ng isang tukoy na baril sa isang lugar na wala sa loob ng anumang gusali, real property, o paradahan na nasa ilalim ng kontrol ng isang pampubliko o pribadong paaralan, o sa isang kalye o bangketa na katabi ng isang gusali, real property, o paradahan na nasa ilalim ng kontrol ng pampubliko o pribadong paaralang iyon, gaya ng tinukoy.
- Nag-aatas sa awtoridad sa paglilisensya na bawiin ang isang lisensya sa nakatagong pagdala kung ang isang lisensyado ay nagbigay ng hindi tumpak o hindi kumpletong impormasyon sa kanilang aplikasyon para sa isang bagong lisensya o pag-renew ng lisensya, bukod sa iba pang bagay.

- Pinagbabawalan ang may lisensya sa nakatagong pagdala na uminom ng inuming nakalalasing o kontroladong sangkap habang may dalang baril at mula sa pagpapanggap na ang may lisensya ay isang opisyal ng kapayapaan, bukod sa iba pang bagay.
- Para sa sinumang taong napatunayang nagkasala sa o pagkatapos ng Enero 1, 2024, ng isang misdemeanor na paglabag sa mga tinukoy na probisyon sa seksyon 25400, 25850, 26350, at 26400 ng Penal Code, ipinagbabawal ang pagkakaroon ng baril sa loob ng sampung taon pagkatapos ng paghatol.

SB 241 (Stats. 2023, ch. 250) – Mga baril: mga kinakailangan sa dealer

Ipatatupad sa Hulyo 1, 2026

- Nag-aatas sa lisensyadong nagbebenta ng baril at sinumang empleyado na humahawak ng mga baril na taunang kumpletuhin ang isang kurso ng pagsasanay na binuo ng Departamento, na tutugon sa mga paksang tinukoy sa seksyon 26920 ng Penal Code at may kasamang eksaminasyon.

SB 368 (Stats. 2023, ch. 251) – Mga baril: mga kinakailangan para sa mga lisensyadong dealer

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Nag-aatas sa isang lisensiyadong nagbebenta ng baril na tanggapin ang pagtatago ng baril na inilipat ng isang indibidwal upang maiwasan itong ma-access o magamit sa mga panahon ng krisis o mas mataas na panganib sa may-ari ng baril o mga miyembro ng kanilang sambahayan. Pinahihintulutan din ang isang lisensyadong nagbebenta ng baril na tanggapin ang pagtatago ng baril para sa isang legal na dahilan na hindi nakasaad sa batas. Higit pa rito, pinahihintulutan ng panukalang batas ang isang lisensyadong nagbebenta ng baril na maningil ng makatwirang bayad para sa pagtatago ng baril.
- Nagtatatag ng pamamaraan para sa pagbabalik ng baril sa orihinal na naglipat, kabilang ang mga sitwasyon kung kailan hindi maaaring legal na magbalik ng baril ang isang dealer.
- Pinagbabawalan ang isang lisensyadong nagbebenta ng mga baril na mag-alok ng pagkakataong manalo ng isang item sa imbentaryo sa isang larong pinangungunahan ng pagkakataon, maliban sa mga nonprofit na organisasyon sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon.
- Ang isang tao na nahatulan ng ilang misdemeanor sa ilalim ng seksyon 29805 ng Penal Code sa o pagkatapos ng Enero 1, 2024, at na sa loob ng 10 taon ng paghatol na iyon ay nagmamay-ari, bumili, tumanggap, nagkaroon, o nasa ilalim ng kanilang kustodiya o kontrol, ng anumang armas ay nagkasala ng isang misdemeanor o isang krimen.

SB 417 (Stats. 2023, ch. 252) – Mga baril: mga lisensyadong dealer

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Bukod sa mga babala na ang isang lisensiyadong nagbebenta ng baril ay dapat lantarang mag-post ng mga paunawa sa loob ng lisensyadong lugar sa ilalim ng seksyon 26835 ng Penal Code, subdivision (a),

nag-aatas sa mga dealer ng baril na mag-post ng karagdang paunawa na may kasamang impormasyon para sa pagpapakamatay at crisis lifeline at na nagsasaad ng mga panganib ng pagkakaroon ng access sa baril sa isang tahanan.

- Ang nabanggit na paunawa ay ipo-post sa counter ng isa sa mga pangunahing naka-display na baril o sa loob ng limang talampakan mula sa cash register. Kung hindi maaring maglagay ng paunawa sa counter ng isa sa mga pangunahing naka-display na baril o sa loob ng limang talampakan mula sa cash register, ang lisensyadong dealer ay dapat lantarang mag-post ng pahayag sa loob ng lisensyadong lugar. Ang pahayag ay hindi dapat ilagay sa sahig o sa kisame ng naturang lugar.

AB 452 (Stats. 2023, ch. 452) – Mga Baril

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Inaalis mula sa kahulugan ng hindi ligtas na handgun ang isang semiautomatic pistol na walang microstamping component.
- Nag-aatas sa Departamento na magsagawa ng imbestigasyon sa Marso 1, 2025 upang matukoy ang teknolohikal na posibilidad ng mga component ng microstamping na gumagawa ng mga microstamp sa mga nagamit na casing ng cartridge na pinalabas ng baril kung saan na-install ang bahagi ng microstamping.
- Kung matukoy ng Departamento na ang mga bahagi ng microstamping ay angkop sa teknolohiya, nag-aatas sa Departamento na magbigay ng nakasulat na patnubay sa mga pamantayan sa pagganap sa Setyembre 1, 2025 para sa mga tao, asosasyon, partnership, korporasyon, o iba pang entity na may kinalaman sa negosyo ng paggawa ng mga bahagi ng microstamping.
- Kung matukoy ng Departamento na ang mga bahagi ng microstamping ay angkop sa teknolohiya, nag-aatas sa Departamento na magsimula silang tumanggap ng mga aplikasyon para sa paglilisensya sa Enero 1, 2026 upang makisali sa negosyo ng paggawa ng mga bahagi ng microstamping.
- Kung matukoy ng Departamento na ang mga bahagi ng microstamping ay angkop sa teknolohiya, nag-aatas sa Departamento na magbigay ng mga gawad o pumasok sa mga kontrata sa isa o higit pang mga entity na lisensyado sa Hulyo 1, 2026 upang makisali sa negosyo ng paggawa ng mga bahagi ng microstamping.
- Kung matukoy ng Departamento na ang mga bahagi ng microstamping ay angkop sa teknolohiya, nag-aatas sa Departamento na tukuyin sa Hulyo 1, 2027 kung ang mga bahagi ng microstamping ay magagamit sa makatwirang presyo sa komersyo at/o kung ang mga opsyon ng mga baril na pinapagana ng microstamping ay madaling mabili sa California.
- Kung matukoy ng Departamento na ang mga bahagi ng microstamping ay available sa makatwirang presyo at/o kung ang mga opsyon ng mga baril na pinapagana ng microstamping ay madaling nabibili sa California, kung gayon ay simula sa Enero 1, 2028, ang isang lisensyadong nagbebenta ng baril ay ipinagbabawalang magbenta, mag-alok para sa ibenta, makipagpalitan, magbigay, maglipat, o

maghatid ng semiautomatic na pistol, gaya ng tinukoy, maliban kung ang pistol ay na-verify bilang isang microstamping-enabled na pistol.

- Pinagbabawalan ang isang tao na baguhin ang isang microstamping-enabled na pistol o microstamping component na may layuning pigilan ang paggawa ng microstamp.

MGA PANUKALANG BATAS NA NILAGDAAN BILANG BATAS BAGO ANG 2023 NA IPINATUPAD NOONG 2024 NANG LUBUSAN O ANG BAHAGI NITO

Mga Assembly Bill (AB)

AB 228 (Stats. 2022, ch. 138) – Mga Baril

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Nag-aatas sa Departamento na magsagawa ng mga inspeksyon sa mga dealer nang hindi bababa sa bawat 3 taon, maliban sa isang dealer na ang lugar ng negosyo ay matatagpuan sa isang hurisdiksyon na nagsasagawa ng programa ng inspeksyon.
- Pinahihintulutan ang Departamento na mag-inspeksyon sa isang dealer na may negosyong matatagpuan sa isang hurisdiksyon na nagsasagawa ng programa ng inspeksyon.
- Tinutukoy ang minimum na pamantayan ng sampling para sa pag-audit ng mga rekord ng dealer sa panahon ng inspeksyon.

AB 1621 (Stats. 2022, ch. 76) – Mga Baril: walang serial na mga baril

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Ipinagbabawal ang pagkakaroon o paglipat ng baril, frame, receiver, o bahagi ng firearm precursor na walang serial number o marka ng pagkakakilanlan.
- Sa pangkalahatan, pinagbabawalan ang isang tao na bumili ng higit sa isang baril, kabilang ang isang may kumpletong frame, receiver, o bahagi ng firearm precursor ng baril, sa loob ng 30 araw.

Mga Panukalang Batas sa Senado (Senate Bills, SB)

SB 715 (Stats. 2021, ch. 250) – batas kriminal

Ipapatupad sa Hulyo 1, 2024

- Kapag ang isang baril ay hindi maihatid sa nilalayong bumili, o maibalik sa nagbebenta, sa isang pribadong partido ng paglipat, dapat manatili ito sa nagbebenta ng baril sa loob ng 45 araw, kung hihilingin ng nagbebenta ang 45 araw na pagpapanatili ng pagmamay-ari. Maaaring maningil ng bayad ang nagbebenta ng mga baril para sa pagtatago na hindi lalampas sa \$10 bawat baril. Dapat ipaalam ng

nagbebenta ng baril sa Departamento ang pagpapanatili ng pag-aari sa loob ng 72 oras pagkatapos mapanatili ang pag-aari ng baril. Kung itinalaga ng nagbebenta ang isang tao na tumanggap ng baril at ang nakakumpleto nito ang aplikasyon para bumili bago matapos ang 45 araw, dapat iproseso ng dealer ang transaksyon alinsunod sa mga probisyon ng seksyon 27540 ng Penal Code. Ngunit kung walang ganoong pagtatalaga na ginawa o matagumpay na nagawa bago matapos ang 45 araw, ang baril ay dapat na ihatid ng nagbebenta ng mga baril sa isang lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas, na siyang magtatapon ng baril, at dapat ipaalam ng dealer sa Departamento ang paghahatid sa loob ng 72 oras pagkatapos ng paghahatid.

SB 1384 (Stats. 2022, ch. 995) – Mga baril: mga kinakailangan ng dealer

Ipinatupad noong Enero 1, 2024

- Nag-aatas sa isang lisensyadong nagbebenta ng baril na ang mga lugar ng negosyo nito ay sinusubaybayan ng isang digital video surveillance system na nakakatugon sa mga kinakailangan na tinukoy sa seksyon 26806 ng Penal Code.